Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-12 NG MARSO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 41-2020

**ISANG KAPASIYAHAN NA MAGALANG NA HUMIHILING SA PUNONG LUNGSOD - KGG. GILBERT T. GATCHALIAN NA MAKAPAGLABAS NG KALATAS O EXECUTIVE ORDER PATUNGKOL SA MAHIGPIT NA PAGPAPATUPAD SA LAHAT NG ESTABLISYIMENTONG KOMERSYAL O' PANGKABUHAYAN, TANGGAPAN O' OPISINA, TRANSPORT SECTOR GROUPS, ACADEMIC AT RELIGIOUS INSTITUTIONS NA NAGBIBIGAY NG SERBISYONG PRIBADO MAN O' PAMPUBLIKO SA NASASAKUPAN NG LUNGSOD NG MALOLOS, AY MAGLAGAY NG LIBRENG BOTTLED DISINFECTING RUBBING ALCOHOL O' KAHALINTULAD NITO, NA MAGAGAMIT NG MGA TUTUNGO SA KANILANG LUGAR O' PASILIDAD, BILANG PROTEKSYON, PAG-IINGAT O' PRECAUTIONARY MEASURE SA PAGLAGANAP NG CORONA VIRUS DISEASE 2019 (COVID-19) SA LUNGSOD.**

PANGUNAHING MAY-AKDA: KGG. ENRICO C. CAPULE
KAMAY-AKDA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO,
GG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO,
KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY,
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO,
KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

**SAPAGKAT**, ang Corana Virus ay pamilya ng mga *virus* na nagdudulot ng iba't ibang klase ng sakit, mula sa karaniwang ubo at sipon hanggang sa malubhang impeksyon;

**SAPAGKAT**, ang Corona Virus Disease o' COVID 2019 ay dulot ng panibagong *strain* o' uri ng Corona Virus na dati ay hindi pa nakikita sa tao at ngayon ay kasalukuyang nagiging suliranin ng ating bansa;

**SAPAGKAT**, COVID 2019 ay naipapasa sa ibang tao sa pamamagitan ng pagsagap ng mga maliliit na patak *(droplet transmission)* mula sa pagsasalita, pagbahing o' pag-ubo ng isang *infected* na tao;

**SAPAGKAT**, layunin at adhikain ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay matugunan at masolusyonan ang bawat suliranin at pangangailangan ng bawat mamamayan ng Lungsod;

**SAPAGKAT**, layunin din ng pamahalaan ang pangalagaan ang kalusugan ng bawat mamamayan nito at maiwasan ang di-inaasahang pagdating o' pagkalat ng sakit o epidemya sa Lungsod;

**SAPAGKAT**, magsisilbing malaking tulong upang mapangalagaan, makapag-ingat o' isang mahalagang *precautionary measure* para makaiwas sa pagkalat ng isang nakakahawang sakit ang paggamit o' paglalagay ng libreng *bottled disinfecting rubbing alcohol* na may *70 percent isopropyl* or *ethyl alcohol* pataas sa mga matataong lugar;

**SAPAGKAT**, itinatadhana ng Seksyon 458 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na tungkulin ng Sangguniang Panlungsod ang pagpapatibay ng mga ordinansa at paggawa ng mga kapasiyahang kinakailangan para sa mabisang pamamahala sa lungsod, kabilang dito ang paggawa ng pamamaraan sa pangangalaga ng kalusugan at buhay ng bawat isang mamamayan nito;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

Kung kaya't sa magalang na kahilingan ni Kgg. Enrico C. Capule, na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASYA**, gaya ng dito ay ginawang pagpapasiya, na magalang na hinihiling sa Punong Lungsod - Kgg. Gilbert T. Gatchalian na makapaglabas ng kalatas o executive order patungkol sa mahigpit na pagpapatupad sa lahat ng establisyimentong komersyal o' pangkabuhayan, tanggapan o' opisina, transport sector groups, academic at religious institutions na nagbibigay ng serbisyong pribado man o' pampubliko sa nasasakupan ng Lungsod ng Malolos, ay maglagay ng libreng *bottled disinfecting rubbing alcohol* o' kahalintulad nito, na magagamit ng mga tutungo sa kanilang lugar o' pasilidad, bilang proteksyon, pag-iingat o' *precautionary measure* sa paglaganap ng Corona Virus Disease 2019 (COVID-19) sa Lungsod.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*03122020